



THE UNITED STATES
DEPARTMENT of JUSTICE

PARA SA AGARANG
PAGPAPALABAS
Hunyo 2021
www.justice.gov

CRT
202-514-2007
TTY 866-544-5309

Pinagpasyahan ng Kagawaran ng Katarungan ang Imbestigasyon sa Pag-access ng Wika at sa Paghihiganti sa mga Korte sa Fort Bend County, Texas

WASHINGTON – Sa araw na ito, inanunsiyo ng Kagawaran ng Katarungan (Justice Department) ang kasunduan sa pag-aayos sa Fort Bend County (FBC) para mapahusay ang pag-access sa korte ng mga taong may limitadong kakayahan sa Ingles (English proficiency, LEP).

Nilulutas ng kasduang ito ang imbestigasyon ng Kagawaran ng Katarungan sa mga bintang na ang mga korte ng FBC ay nagdiskrimina laban sa mga LEP na gumagamit ng korte batay sa kanilang bansang pinagmulan at naghiganti laban sa isang nagreklamo, na parehong paglabag sa Titulo VI ng Batas ng mga Karapatang Sibil ng 1964 (Title VI of the Civil Rights Act of 1964). Ipinagbabawal ng Titulo VI ang diskriminasyon sa lahi, kulay o bansang pinagmulan ng mga tumatanggap ng mga pederal na tulong pampinansiyal, tulad ng FBC. Natuklasan sa imbestigasyon ng kagawaran ang mga hadlang sa wika na nagpapahirap sa mga taong LEP na magkaroon ng makahulugang access sa sistema ng korte. Kasama sa mga hadlang na ito ang mga kailangan na ang mga nasasakdal sa isang krimen ay gumamit ng bilingual na abogado sa halip na kwalipikadong tagapagsalin sa mga plea proceeding, at mga patakaran na nagresulta sa mas mahal na bayarin sa korte para sa mga magulang na LEP sa mga kaso ng kustodiya ng anak.

“Ang mga taong may limitadong kakayahan sa Ingles ay maaaring dumanas ng pagkawala ng kanilang anak, tahanan, at pangunahing karapatan kapag humarap sila sa mga hadlang sa wika na nagkakait ng makahulugang access sa ating sistemang panghukuman.” ayon kay Assistant Attorney General Kristen Clarke para sa Sangay para sa mga Karapatang Sibil (Civil Rights Division). “Ipagpapatuloy ng Sangay para sa mga Karapatang Sibil ang paglaban para matiyak na tatanggalin ng mga korte ang mga hadlang na nagkakait sa mga tao ng access sa pantay-pantay na katarungan. Aking pinupuri ang Fort Bend County sa pagsasagawa ng mga kinakailangang hakbang nito para matiyak ang access sa wika para sa mga gumagamit ng korte alinsunod sa Titulo VI ng Batas sa mga Karapatang Sibil (Title VI of the Civil Rights Act).”

“Ang Fort Bend ay isa sa magkakaibang county sa ating Distrito,” ayon kay Acting U.S. Attorney Mark Donnelly para sa Southern District of Texas. “Ang kasunduang ito ang titiyak na ang bawat tao ay may access sa ating mga korte maging saan mang bansa nagmula o limitadong kahusayan sa Ingles.”

Sa ilalim ng kasunduan, magbibigay ang FBC ng mga serbisyo ng tagapagsalin nang walang bayad sa mga LEP na indibidwal sa mga kasong sibil at kriminal sa mga korte ng FBC. Pag-aaralan rin ng mga korte ng FBC ang mga plano sa pag-access sa wika sa susunod na taon, bubuo ng sapilitang pagsasanay sa Titulo IV para sa mga korte ng FBC, magbibigay ng pagsasanay sa paghihiganti na nasa Titulo IV at maglalabas ng mga abiso sa publiko na nagpapaliwanag sa patakaran sa walang diskriminasyon na nasa Titulo IV at proseso ng pagreklamo sa mga wikang hindi Ingles. Babantayan ng kagawaran ng dalawang taon ang mga ito at mga ibang kailangan. Sumang-ayon rin ang FBC na magbabayad ng mga danyos sa isang LEP na gumamit ng korte para sa mga gastusin sa korte at sa isang indibidwal na nagbintang ng paghihiganti.

Pangunahing prayoridad ng Sangay para sa mga Karapatang Sibil ang pagpapatupad ng Titulo VI. Ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa Sangay para sa mga Karapatang Sibil ay matatagpuan sa website nito sa www.justice.gov/crt, at ang mga impormasyon tungkol sa limitadong kakayahan sa Ingles at Titulo VI ay matatagpuan din sa www.lep.gov. Ang mga miyembro ng publiko ay maaaring magsumbong ng mga posibleng paglabag sa mga karapatang sibil sa <https://civilrights.justice.gov/report/>.